

Paggamot ng Kalusugan ng Pag-uugali para sa Autism



Ang mga plano ng Medi-Cal ay responsble para sa pagbibigay ng mga serbisyo ng Therapy sa Kalusugan ng Pag-uugali (Behavioral Health Therapy, BHT) sa mga indibiduwal na wala pa sa edad na 21 na mayroong Autism Spectrum Disorder (ASD) at mga bata na matutukoy ng lisensyadong doktor o psychologist na kinakailangan sa paggamot ang mga serbisyo ng BHT, anuman ang diyagnosis.

Pinamamahalaan ng Manager ng Mga Benepisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali na **Carelon Behavioral Health** ng **San Francisco Health Plan** ang benepisyong ito para sa mga benepisyaryo. Mangyaring i-refer ang sinumang benepisyaryo na nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado sa Carelon sa 855-371-8117.

TUNGKULIN NG PANGUNAHING PANGANGALAGA

Kadalasan gagawin ng pediatrician, doktor o psychologist sa bata at nasa hustong gulang ang inisyal na diyagnosis kung may makikitang mga sobra at/o kakulangan ng mga pag-uugali na nakakahadlang nang malaki sa mga gawain sa bahay o komunidad.

Maaaring kasama sa mga ito ang: mahinang pag-unawa ng mga pakikipag-ugnayan sa kapwa, malaking mga problema sa wika at komunikasyon, malaking pangangailangan para sa pagiging katulad at kakayahang malaman ang dapat asahan, huminang mga kakayahan sa pag-iisip, mga problema sa pag-aayos, at hindi pare-parehong mga pattern ng paglaki. Ang tungkulin ng PCP ay partikular na mahalaga sa pagkuha ng diyagnosis ng ASD at rekomendasyon para sa paggamot, pati rin ang pagbibigay ng pangmedikal na follow-up para sa mga karaniwang kasamang mga medikal na karamdaman na ginagawang kumplikado ang paggamot.

PAANO MAKAKATULONG ANG CARELON

1. Ang mga benepisyaryo ng Medi-Cal ay kwalipikado para sa koordinasyon ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Ang Carelon, sa pakikipagtulungan sa mga kalahok na planong pangkalusugan ay tutulong na ma-coordinate ang mga serbisyon ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta at gabay sa mga pediatrician/mga doktor sa pangunahing pangangalaga na naglilingkod sa mga miyembrong may mga pangangailangan sa Kalusugan ng Pag-uugali.
2. Ang mga Doktor sa Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Physician, mga PCP) ay maaaring maginhawang makakuha ng access sa pagkonsulta at pag-coordinate ng mga serbisyo sa pamamagitan ng alinman sa aming mga umiiral na sistema, kasama ang direktang pagtawag sa itinalagang linya ng Customer Service ng planong pangkalusugan, pagsusumite ng simpleng referral form sa pamamagitan ng fax o pagkontak sa aming mga care manager na isinama sa case management team ng pangunahing planong pangkalusugan.
3. Ang mga PCP ay maaaring ma-access ang iba't ibang serbisyo para sa mga pasyenteng may mga pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali, kasama ang mga pagkonsulta para sa sakit sa isip para sa mga desisyon sa paggamot, outpatient na referral at access para sa BH, pag-assess at triage para sa mga pasyenteng nasa panganib, pamamahala ng pangangalaga, BHT para sa ASD at mga pag-evaluate ng isip para sa prescreening ng mga medikal na pamamaraan.
4. Pamamahalaan at iko-coordinate ng Carelon ang serbisyo para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na ito. Ang lahat ng kahilingan at referral para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay maaaring isumite sa Carelon o maaaring sabihan ang mga benepisyaryo na kontakin ang Customer Service Department ng Carelon sa 855-371-8117.

SCREENING PARA SA AUTISM

Inirerekomendang makatanggap ang LAHAT ng bata ng screening para sa ASD sa 18 at 24 na buwang pagpapatingin ng walang sakit na bata. Matutukoy nang maaga ng screening ang mga batang may mga problema sa paglaki at pag-uugali, kung kailan maaari silang makinabang nang mabuti mula sa interbensyon. Maraming screening tool na magagamit para sa ASD, kasama ang:

- Mga Kuwestyonaryo sa Mga Edad at Yugto (Ages and Stages Questionnaires, ASQ)
- Mga Sukatan sa Komunikasyon at Kakayahang Tumugon sa Mga Simbolo (Communication and Symbolic Behavior Scales, CSBS)
- Screening Tool para sa Autism sa Mga Toddler at Bata (Screening Tool for Autism in Toddlers and Young Children, STAT)
- Binagong Checklist para sa Autism sa Mga Toddler—Binago, may kasamang Follow-up (Modified Checklist for Autism in Toddlers—Revised, with Follow-up, M-CHAT-R/F)

Binuo ng mga pananaliksik na sinusuportahan ng National Institutes of Health (NIH), ang M-CHAT-R/F ay isa sa mga tool na pinakamadalas gamitin. Ito ay libre, dalawang hakbang na screening tool na gagamitin sa mga regular na checkup ng walang sakit na bata. Sa M-CHAT-R/F, maaaring mauri ng mga provider sa pangangalagang pangkalusugan ang panganib ng bata na magkaroon ng autism bilang mababa, katamtaman, o mataas batay sa mga sagot ng mga magulang sa 20 tanong.

Ginagawang posible ng checklist na malaman nang mas maaga ang autism. Ito ay napakahalaga dahil ang mas maagang interbensyon ay makakatulong na mapaganda ang mga resulta para sa mga bata na nasa spectrum. Kung ang isang bata ay mayroong score na nasa high-risk range, mangangailangan ito ng referral para sa karagdagang pag-evaluate. Ang resultang medium-risk ay may kasamang kasunod na kuwestyonaryo.

Nalaman ng mga researcher sa NIH na mas maliit na proporsyon ng mga bata ang nakatanggap ng medium- o high-risk na assessment sa bersyong ito kaysa sa mas naunang mga bersyon ng checklist. Sa lahat ng bata na natukoy ng pagsusuri na nasa panganib para sa ASD pagkatapos ng M-CHAT follow-up, 95 porsyento ang na-diagnose na may pagkaantala sa paglaki o alalahanin sa paglaki, kasama ang mahigit sa 47 porsyento na may diyagnosis na ASD.

Maaari mong ma-download ang libreng tool sa maraming wika sa: <https://mchatscreen.com/>



Carelon Behavioral Health

Makipag-ugnayan sa isang tagapayo o makakuha ng tulong sa iba pang mga pangangailangan sa kalusugan ng isip. Maaari kang tumawag 24 na oras isang araw, pitong araw sa isang linggo.

(855) 371.8117

TTY: (800) 735-2929

**SAN FRANCISCO
HEALTH PLAN**



1.855.371.8117

www.carelonbehavioralhealth.com

Here for you

